



Royal Flying Doctor Service  
WESTERN AUSTRALIA

# Pahayag ng Pagkapribado

## Ang patakaran ng Royal Flying Doctor Service Western Operation para sa pagkolekta, pagtabi at pagbunyag ng personal na impormasyon

Ang Royal Flying Doctor Service Western Operations (RFDS WO) ay nagbibigay ng pang-emerhensiya at aero na gamot, mga serbisyo sa pangunahing kalusugan at sa ngipin at mga medicine chest sa aming mga pasyente. Bilang isang organisasyong hindi naglalayong kumita, pinangangasiwaan rin namin ang mga talaan ng pasyente, nakikipag-usap kami sa aming mga stakeholder, nagsasagawa ng mga kampanya sa publisidad gamit ang media at online, nagkokolekta ng pondo, nakikinig at tumutugon sa feedback, at nag-uulat sa aming mga tagapagbigay ng pondo.

Ang RFDS WO ay nangongolekta ng personal na impormasyon mula sa aming mga pasyente, mga tagapag-alaga nila, mga kinatawan, pamilya at mga kaibigan; mga taga-empleyo at mga boluntaryo kabilang ang mga taong nag-aapply upang magtrabaho sa amin; aming mga taga-suporta (mga donor); at iba pa.

Naninindigan kaming matugunan ang mga legal na inaatas sa amin sa ilalim ng Privacy Act 1988 (ang Batas), Australian Privacy Principles (ang Mga Prinsipyo) at anumang iba pang batas. Ginagawa namin ang lahat ng makatwirang pagsisikap upang protektahan ang lahat ng personal na impormasyon.

Sa pangkalahatang, kami ay:

- Magsisiguro ng patas, bukas at walang kinukubling pangangasiwa ng impormasyon
- Mangongolekta ng impormasyon sa legal at patas na paraan
- Mangongolekta, gagamit at magbubunyag lang ng impormasyon na kailangan namin para sa inilaan nitong layunin o upang sumunod sa batas
- Magsasagawa ng mga makatwirang hakbang upang masiguro ang pagiging wasto ng impormasyon
- Mangongolekta ng impormasyon tungkol sa pasyente mula sa direkta sa kanya (bagaman maaaring kakailanganin rin naming kolektahin ito mula sa isang kinatawan, referee o iba pang ahensiya katulad ng ospital o medikal na serbisyo, kung hindi kaya ng pasyente na bigyan kami ng impormasyon, o kung nagbigay siya ng pahintulot para gawin ito ng ibang tao sa halip niya.)
- Magkokontrol sa pag-access at pagwawasto
- Magsisiguro ng angkop na pagtatabi at seguridad
- Sisira at magtatanggal sa pangalan na nauugnay sa impormasyong hindi na kinakailangan para sa inilalaang layunin sa lalong madaling panahon

- Magsisiguro na ang lahat ng aming kawani ay mulat sa mga inaasahan sa pagkapribado
- Kilalanin na ang mga taong may kapansanan sa paningin o pandinig, at mga taong may ibang kultura at wika, ay maaaring mangailangan ng espesyal na pagsasaalang-alang.

## Ano ang impormasyong aming kinokolekta, at bakit?

### Mga Pasyente

Nagkokolekta kami ng mga detalye sa pagkakakilanlan at pagkontak, mga pangkalusugan at sensitibong detalye (mga katotohanan at opinyon), upang maibigay ang angkop na pangangalaga at paggamot sa mga pasyente namin at upang ipaalam sa kanilang matalik na kamag-anak kung ano na ang kalagayan nila. Ang ilan sa impormasyong ito ay maaaring magmumula sa isang ikatlong partido (hal: kinatawan, ospital o nag-refer na doktor). Maaaring piliin ng mga pasyente na huwag magbigay ng isang partikular na detalye at maaaring bawasan nito ang abilidad namin na makapagbigay ng mga serbisyo – bagaman palagi pa rin naming gagawin ang lahat ng aming makakaya kahit anupaman.

Ang mga klinikal na imahe ay maaaring kunin sa panahon ng isang yugto ng pangangalaga para sa pangunahing layunin na iyon. Ang imahe ay hindi gagamitin para sa mga layuning edukasyon at pagsasanay maliban kung makuha ang isang nakasulat na pahintulot.

Gumagamit kami ng mga detalye sa pagkontak upang hilingin ang kanyang feedback. Ang anumang karagdagang kontak ay batay sa pagpasya niya na makontak (at maaari siyang magpasyang hindi na makokontak sa kinalaunan).

Paminsan-minsan, hihilingin naming ibahagi ang personal na karanasan ng pasyente sa publiko sa pamamagitan ng media, social media, mga newsletter o website namin. Gagawin lamang namin ito kung nakuha namin ang kanyang ipinahayag na nakasulat na pahintulot. Kung hindi, mayroon kaming mga protokol sa lugar upang matiyak ang pagtatanggal ng pagkakakilanlan at pag-uulat lamang ng pangkalahatang katangian para sa isang insidente na nakakapukaw ng interes ng media.

### Mga Empleyado

Nangongolekta kami ng impormasyon mula sa mga taong nag-aapply ng trabaho sa amin, at sa panahon ng kanilang pagtatrabaho para sa ganitong mga layunin. Kabilang dito ang pagkakakilanlan, pagkontak, kasaysayan sa pagtrabaho at edukasyon, mga detalye at opinyon ng taong nag-refer, mga medikal na detalye, kriminal na kasaysayan, pananalapi (pagbabangko, buwis at superannuation) at iba pang mga detalye.

### Mga Tagasuporta

Karaniwan naming kinokolekta ang pagkakakilanlan, impormasyon sa pagkontak at informasyong pampinansiyal (katulad ng credit card) kapag nagbigay ng donasyon. Ginagabayan kami ng Mga Alituntunin ng Kagandahang Asal ng Fundraising Institute of Australia at gumagamit ng mga detalye sa pagkontak upang ipaalam sa mga tagasuporta ang tungkol sa mga kaganapan at iba pang mga kampanya sa pangangalagap ng pondo sa pamamagitan ng koreo, email at SMS/MMS (maaari silang magpasya sa anumang oras gamit ang aming simpleng mekanismo).

Kung pinili niya na hindi magbigay ng kanyang pagkakakilanlan o impormasyon sa pagkontak, hindi kami makapagbibigay ng

resibo o mga detalye tungkol sa mga nalalapit na kaganapan at mga oportunidad.

## Iba pa

Ang sinumang dadalo sa isang kaganapan o base ng RFDS WO at maaaring kunan ng video o litrato. Para sa mga indibidwal, hihingi kami ng nakasulat na pahintulot bago gamitin ang kanilang imahe para sa mga layuning promosyon. Para sa mga video o litrato na may maraming tao, sa isang pampublikong lugar, hindi praktikal na humingi ng pahintulot at maaaring gamitin ang mga imaheng ito na hindi isasama ang anumang mga personal na detalye (kabilang ang pangalan, kahit pa alam ito).

Ang lahat ng mga base ng RFDS WO ay may mga panseguridad na CCTV camera sa labas at mga lugar na napupuntahan ng publiko.

## Pagbubunyag sa ibang bansa

Hindi kami magbubunyag ng personal na impormasyon sa ibang bansa maliban kung:

- Ito ay patungo sa taong iyon mismo
- Ibinigay ang pahintulot
- Tinanggal ang pagkakakilanlan ng impormasyon
- Ito ay isang pinahintulutang pangkalahatang impormasyon o binigyang awtorisasyon ng batas ng Australia (hal. pagbabayad o pagproseso ng datos sa ibang bansa katulad ng mga credit card).

## Paano mo makuha ang iyong personal na impormasyon? Sino pa ang makakakuha?

### Mga Pasyente

Ibubunyag namin ang impormasyon ng pasyente:

- Para sa pangunahing layunin ng pagbibigay ng serbisyong pangkalusugan at medikal
- Kapag mayroon kaming pahintulot ng pasyente, o kanilang mga kinatawan
- Sa ibang mga propesyonal sa kalusugan (sa isang emerhensiya, maaari itong gawin nang walang abiso o ipinahayag na pahintulot)
- Kapag inuutos ng batas (hal: mandatoryong pag-uulat ng mga partikular na sakit, pang-aabuso, warrant o subpoena)
- Aktibidad na labag sa batas o upang maiwasan ang isang malubha at malapit na banta sa buhay, kalusugan o kaligtasan (sa isang indibidwal o sa publiko),
- Bilang datos na tinanggalan ng pagkakakilanlan para sa pananaliksik, pagsasama-sama ng mga estatistika, at pampublikong kalusugan
- Sa panahon ng isang pormal na pagsusuri ng kalidad
- Sa aming mga tagapondo sa pamahalaan (hal: WA Department of Health WA Country Health Services).

Makakakuha ka ng ibang personal na impormasyon na tungkol sa iyo na hinahawakan namin sa pamamagitan ng isang nakasulat na kahilingan na tutugunan namin sa loob ng 10 araw na bukas ang trabaho. Kailangan naming kumpirmahin ang iyong pagkakakilanlan bago makakuha ng impormasyon at maaaring sisingil kami ng makatwirang bayad.

May mga pagkakataon sa ilalim ng Batas kung saan maaari naming tanggihan ang kahilingan katulad ng nakakaapekto ito sa pagkapribado ng ibang tao. Kung tatanggihan namin ang isang kahilingan, sasabihin namin ang dahilan sa isang sulat.

Mangyaring tandaan na hindi ibinibigay ang impormasyon sa telepono, maliban kung

sigurado kami na ang taong humihingi ng impormasyon ay ang indibidwal mismo o ang kanyang legal o hinirang na kinatawan.

Kung ang detalye na hinahawakan namin ay hindi tama o lipas na, maaari mong sabihin ito sa amin sa anumang oras at babaguhin namin ito. Paminsan-minsan, maaaring hindi kami sasang-ayon na tanggalin o baguhin ito (hal: medikal na opinyon) subalit maaari silang magdagdag ng hiwalay na impormasyon sa file.

### **Mga Empleyado**

Ang mga hindi matagumpay na aplikasyon sa trabaho ay itinatabi sa isang yugto ng panahon dahil baka maging angkop ito para sa anumang parehong oportunidad sa trabaho na maaaring dumating. Sisirain namin ang anumang aplikasyon, at hindi na namin ito isaalang-alang bilang bahagi ng recruitment pool, kung hiniling ng Aplikante.

Kahit na walang legal na karapatan ang aming mga empleyado na makakuha ng impormasyon sa ilalim ng Batas sa Pagkapribado, maaari silang gumawa ng nakasulat na kahilingan sa kanilang tagapangasiwa at pagsusuri sa nilalaman ng kanilang file. Hindi sila makakagawa ng anumang pagbabago sa kanilang mga talaan pero maaari silang magdagdag ng tala sa kanilang file kung ninanais nila.

### **Mga Tagasuporta at Iba Pa**

Kung ang impormasyong tungkol sa iyo na hinahawakan namin ay hindi wasto at napapanahon, ia-update namin ito sa lalong madaling panahon pagkatapos na ipakita mo sa amin kung paano at bakit ito mali, at kung sigurado kami na ang taong humihiling ng pagwawasto ay ang indibidwal mismo o ang legal o hinirang na kinatawan.

Sa minsanang kaganapan na hindi namin kayang bigyan ka ng access sa iyong personal na impormasyon, sasabihin namin sa iyo ang mga dahilan.

Paminsan-minsan, ginagamit namin ang mga ikatlong partidong tagapagbigay ng serbisyo upang magsagawa ng mga survey, magkolekta ng impormasyon at magrehistro ng mga kaganapan. Kapag ginagawa namin ito, sinisiguro namin na natutugunan ang mga pamantayan ng pagkapribado. Paminsan-minsan, ang mga tagapagbigay ng serbisyo ay mula sa ibang bansa. Ang isang tagasuporta ay maaaring magpasyang hindi tumanggap ng komunikasyon mula sa amin sa anumang oras.

## **Paano namin pinapangalagaan ang iyong impormasyon**

Pinoprotektahan namin ang impormasyon sa pamamagitan ng pagbibigay lamang ng access sa kawani na nangangailangan nito para sa pangunahing layunin na pangongolekta.

Gumagamit ang RFDS WO ng isang hanay ng mga hakbang sa seguridad na hardware at software upang protektahan ang iyong impormasyon. Itinatabi namin nang ligtas ang lahat ng mga talaang papel - ang mga talaan ng pasyente ay palaging itinatabi ng aming kawani sa klinika at ang mga kopya ay direktang ibinibigay sa kawani ng paglilipat at kawani ng ospital. Ang lahat ng dokumentasyon ay muling ibinabalik sa aming mga base, at itinatabi sa isang nakasusi na imbakan. Palagi itong selyado kapag inililipat.

Ang impormasyong kinokolekta sa pamamagitan ng aming website, ay itinatabi nang ligtas sa aming mga database at inaccessible lamang sa pamamagitan ng awtorisadong kawani.

Ang aming website ay gumagamit ng cookies upang subaybayan ang mga pagbisita sa site at pagbutihin ang karanasan ng user. Ang aming online processor ng credit card ay maaari ring gumamit ng cookies para sa mga layunin ng

pagkilala at laban sa pandaraya. Maaaring i-disable ang cookies pero ang ilang mga tampok ng site ay maaaring hindi magamit.

Ang mga tagalaan ng social media, kabilang ang Facebook at Twitter, ay nagtatakda ng cookies sa pamamagitan ng aming website na maaaring magpahusay sa iyong profile sa kanilang website o umambag sa datos na hinahawakan nila. Hinihikayat ka namin na basahin ang kanilang mga patakaran sa pagkapribado.

Ang aming website ay maaaring may mga link sa ibang mga site na may interes ka. Hindi namin makokontrol, o maging responsable para sa, content o mga gawi sa pagkapribado.

Ang mga partikular na seksyon ng aming website (hal. mga pagbabayad sa donasyon) ay pinoprotektahan gamit ang SSL na teknolohiya upang ma-encrypt ang datos sa pagitan ng iyong browser at website. Ginagawa namin ang lahat ng posibleng pagsisikap upang makapagbigay ng donasyon at mga transaksyon sa loob ng aming website sa protektado at ligtas na paraan hangga't maaari.

Subalit, dapat malaman ng lahat na may mga likas na panganib na nauugnay sa pagpapadala ng impormasyon sa pamamagitan ng internet na sa pamamagitan ng email o sa pamamagitan ng fax. Kahit na ginawa ang lahat ng mga

makatwirang pagsisikap upang masiguro ang impormasyon na naipapadala sa website na ito, may posibilidad na ang impormasyon na iyong nasumite ay maaaring maobserbahan ng ikatlong partido habang ipinapadala ito. Sa pamamagitan ng paggamit sa aming online system, kinikilala mo na hindi mo pinapanagot ang RFDS WO sa anumang mga paglabag sa seguridad, mga virus, o iba pang nakakahamak na software na maaaring makahawa sa iyong computer o anumang pagkawala ng datos, kita o anumang maaaring mangyari.

Paminsan-minsan, kinokontak namin nang direkta ang aming mga regular na tagasuporta upang i-update o kumpirmahin ang kanilang personal na detalye o mga detalye ng credit card. Kapag ginawa mo ito, bibigyan ka namin ng sapat na impormasyon mula sa aming umiiral na database (kabilang, kung saan angkop, ang pinakahuling apat na digit ng iyong credit card) upang makumbinsi ka na ang tumatawag ay kinatawan namin.

Kung makatanggap ka ng kahilingan para sa buong numero ng iyong credit card at numero ng CVV, dapat mo itong ituring na panloloko, huwag itong pansinin at iulat ang pagkontak sa [www.scamwatch.gov.au](http://www.scamwatch.gov.au) o kontakin ang aming pangkat sa Fundraising and Communications sa lalong madaling panahon.

**Kung may mga tanong ka tungkol sa kung paano namin tinatrato ang pagkapribado mangyaring kontakin ang aming Opisyal sa Pagkapribado sa mga oras na bukas ang opisina**

**Paano magsagawa ng reklamo tungkol sa iyong pagkapribado**

Hinihimok namin ang sinuman na may problema tungkol sa kung paano pinangasiwaan ng RFDS WO ang personal na impormasyon na lutasin muna ito nang direkta sa amin:

**The Privacy Officer**  
**RFDS Western Operations**  
T 08 9417 6300  
F 08 9417 6309  
E [westops@rfdswa.com.au](mailto:westops@rfdswa.com.au)  
A 3 Eagle Drive, Jandakot WA 6164

Mangyaring sumangguni sa aming Feedback Form para sa karagdagang detalye sa aming proseso sa pagtrato ng mga reklamo.

Maaari mo ring piliin na magsagawa ng reklamo sa labas. Sa iba pang mga ahensiya, maaari kang magsampa ng reklamo sa:

**The Office of the Australian Information Commissioner**  
> [www.oaic.gov.au/privacy/privacy-complaints](http://www.oaic.gov.au/privacy/privacy-complaints)  
E [enquiries@oaic.gov.au](mailto:enquiries@oaic.gov.au)  
F 02 9284 9666  
A GPO Box 5218, Sydney NSW 2001

---

Ang aming patakaran ay sumasailalim sa pagsusuri at pagbabago. Kapag nangyari ito, ia-update at ipapagamit namin ang Pahayag ng Pagkapribado sa publiko.

